
4

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 4: Maayos na Pamahalaan Tungo sa Kaunlaran




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q3_AP 4_ Module 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikatlong Markahan – Modyul 4: Maayos na Pamahalaan tungo sa Kaunlaran**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Jason H. Hadap |
| **Editor:** | Jerry P. Ramirez, Ma. Leilani R. Lorico |
| **Tagasuri:** | Ana N. Calisura |
| **Tagaguhit:** | |
| **Tagalapat:** | Edsel N. Doctama, Jera Mae B. Cruzado |
| **Tagapamahala:** | Gilbert T. Sadsad |
| | Francisco B. Bulalacao Jr. |
| | Grace U. Rabelas |
| | Ma. Leilani R. Lorico |
| | Imelda R. Caunca |
| | Marites B. Tongco |

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**

**Department of Education – Region Region V Bicol**

Office Address: Regional Site, Rawis, Legazpi City 4500
Telefax: (052) 482-0373; 820-8404
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

4

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 4:
## Maayos na Pamahalaan tungo sa Kaunlaran

DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Natutunan sa  nakaraang aralin ang tungkol sa balangkas o istruktura ng ating pamahalaan.

Sa modyul na ito, mapapalalim ang iyong pang-unawa sa mahalagang papel na ginagampanan ng pamahalaan upang matugunan ang mga pangangailangan at makapamuhay ng matiwasay ang mga mamamayan.

**Pamantayang Pangnilalaman**

Ang mag-aaral ay naipamamalas ang pang- unawa sa bahaging ginagampanan ng pamahalaan sa lipunan, mga pinuno at iba pang naglilingkod sa pagkakaisa, kaayusan at kaunlaran ng bansa.

**Pamantayang sa Pagganap**

Ang mag-aaral ay nakapagpapakita ng aktibong pakikilahok at pakikiisa sa mga proyekto at gawain ng pamahalaan at mga pinuno nito tungo sa kabutihan ng lahat (*common good*).

**Pamantayan sa Pagkatuto**


Gabay ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

Nasusuri ang mga gampanin ng pamahalaan upang matugunan ang pangangailangan ng bawat mamamayan.

Ano ang mga ginagawang paraan o gawain ng pamahalaan upang matugunan ang pangangailangan ng bawat mamamayan nito?



## *Subukin*



Kumusta kaibigan? Alam mo ba kung sino at bakit ako narito? Ano kaya ang magiging papel ko sa pagsama sayo sa modyul na ito?

Ako ay si AP Lapis "*at your service*"! Ako ang magiging gabay mo sa bawat araling magpapatalas ng iyong isip.

Nawa'y masiyahan ka habang ako ang iyong kasa-kasama.

Bago mo simulang pag-aralan ang tungkol sa gampanin ng pamahalaan upang matugunan ang pangangailangan ng bawat mamamayan, subukin mo munang sagutin ang mga tanong tungkol sa mga ito.

Iguhit ang  kung ito ay nagpapakita ng gampanin o serbisyong ibinibigay ng pamahalaan at  naman kung hindi. Gawin ito sa sagutang papel sa loob ng 4 minuto.

____1. Libreng pag-aaral ng mga out-of-school youth sa ilalim ng Alternative Learning System (ALS).

____2. Pagbibigay proteksyon sa mga tiwaling opisyal ng pamahalaan.

____3. Sa panahon ng kalamidad, tulad ng bagyo, nagbibigay ng mga relief goods at damit sa mga nasalantang mamamayan.

____4. Paggagalugad ng mga kasundaluhan sa mga kagubatan upang mapanatili ang kaayusan sa komunidad.

____5. Pagbibigay ng bakuna laban sa tigdas sa mga bata sa mga barangay.

____6. Paggamit nang labis sa likas na yaman ng bansa para lumago ang ekonomiya ng bansa.
____7. Pagpapatayo ng mga kooperatiba na magpapautang o magpapahiram ng puhunan para sa pangkabuhayan ng mga mamamayan.
____8. Pinaglilingkuran lamang ang mga malalapit na kaibigan at mga kamag-anak.
____9. Pagbibigay ng abogado upang maipagtanggol ang sarili kung nasasakdal.
____10. Pagbibigay ng oportunidad upang makapagtrabaho ang mga tao.

# Aralin 1 Maayos na Pamahalaan tungo sa Kaunlaran

## *Balikan*

Iguhit mo ang tsek (√) sa patlang bago ang bilang kung ang pahayag ay nagsasabi tungkol sa *check and balance* at *separation of powers* at ekis (X) naman kung hindi. Gawin ito sa loob ng 3 minuto sa iyong sagutang papel.

_____1. Ang *separation of powers* ang may kapangyarihan sa pagsusuri at pagbabalanse ng bawat sangay ng pamahalaan.
_____2. Nagkakaroon ng sabwatan ang mga sangay ng pamahalaan sa ilalim ng *check and balance*.
_____3. Napagtatakpan ang kamalian ng bawat sangay kung may *check and balance*.


_____4. Sa ilalim ng *check and balance* ay maaaring punahin ang kamalian ng bawat sangay ng pamahalaan.

_____5. Dapat na may mangibabaw na isang sangay ng pamahalaan batay sa kapangyarihan.

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

## *Tuklasin*



Maraming serbisyo ang pamahalaan sa atin kagaya ng libreng edukasyon, libreng pagpapagamot sa ospital pampubliko at may mga bahay-ampunan para sa mga batang ulila, matatanda at mahihirap.

Hindi lang yan. May mga batas na ipinatutupad upang mapangalagaan ang kapayapaan at kaayusan ng bansa. May pabahay na mura ang halaga at mga tulong sa tao sa oras ng kalamidad.



Batay sa nabasa mong pag-uusap ng dalawang bata, mahalaga ba ang pamahalaan?

Ano ang mga paglilingkod ng pamahalaan na nabanggit sa bawat dayalogo?

Ano ang mangyayari sa isang bansa kung walang pamahalaan? May mga ginagawa ba ang pamahalaan para sa pangangailangan ng mga mamamayan?

Sa araling ito, malalaman mo ang mga kasagutan. Simulan mo na!





## *Suriin*

Basahin at unawain ang nilalaman ng aralin sa loob ng 7 minuto.



## MGA GAMPANIN NG PAMAHALAAN

Tungkulin ng pamahalaan ang gumawa ng mga batas, ipatupad at bigyan ng pagpapakahulugan ang mga ito. Maliban dito, binibigyan pansin din nito ang iba pang gawain na iniatas ng Saligang Batas. Halimbawa nito ay gawaing panseguridad, kaayusang panlipunan at pang-ekonomiya at katarungang panlipunan.

Sa panseguridad, sinisikap ng pamahalaan na ang bawat mamamayan ay ligtas sa anumang kapahamakan. Gayundin, tinutugunan nito ang pangangailangan ng mamamayan tuwing may mga nasasalanta ng mga kalamidad tulad ng bagyo, pagbaha, lindol at pagputok ng bulkan at iba pang sakunang dulot ng kalikasan o gawa ng tao. Nariyan din ang programang pangkapayapaan na naglalayong mapanatili ang kaayusan at katahimikan sa pamayanan.

Sa pang-ekonomiya naman ay pinapangalagaan ng pamahalaan ang mga manggagawa, pagpapa-unlad ng agrikultura at likas na yaman ng bansa at paghihikayat ng mga namumuhunan.

Sa kagalingang panlipunan, may pabahay na inaalok ang pamahalaan sa abot kayang halaga para sa mga iskwater sa kalunsuran. Ang proyektong pangkabuhayan ang nauuna sa mga listahan upang makapagtrabaho nang maayos sa pamilya at sa bansa. Ilang halimbawa pa nito ay ang programang pangkalusugan tulad ng pagbabakuna at libreng gamot. Maliban dito, may libreng edukasyon para sa mga bata na makapag-aral na walang bayad sa pampublikong paaralan.

Sa katarungang panlipunan, may programa ang pamahalaan upang mabigyan ng proteksyon ang karapatan ng biktima at akusado. Ang isang halimbawa nito ay ang Witness Protection Program ng Department of Justice na nagbibigay seguridad sa mamamayang testigo laban sa akusado sa pagkakasalang kriminal.

## MGA AHENSYA NG PAMAHALAAN

Ang mga sumusunod na ahensya ng pamahalaan ay ilan lamang sa tumutugon sa mga pangangailangan at kapakanan ng mga mamamayan.

Kagawaran ng Edukasyon (Department of Education o DepEd). Ito ang nangangasiwa at nagpapatupad ng mga programa sa edukasyon sa bansa maging publiko man o pribadong paaralan. Halimbawa ay ang pagpapatupad ng K to 12 Curriculum at Distance Learning Modalities tulad ng online at modular distance learning.

Kagawaran ng Katarungan (Department of Justice o DOJ). Ito ang nangangasiwa sa mga usaping may kaugnayan sa hustisya gaya ng pagkakaloob ng payong legal sa mga usapin sa pamahalaan, at pagkakaloob ng parole o ang pansamantala o lubos na paglaya ng isang bilanggo.

Kagawaran ng Tanggulang Pambansa (Department of National Defense o DND). Ito ang naatasang manguna sa pangangasiwa at pangangalaga sa seguridad ng bansa. Halimbawa na lamang ang pagreresulba sa isyu ng teritoryo sa *West Philippine Sea.*


Kagawaran ng Kalusugan (Department of Health o DOH). Ang ahensiyang ito ang nangunguna sa pangangalaga sa kapakanang pangkalusugan ng mga mamamayan ng bansa. Isang halimbawa ay ang pagtugon sa paglaban sa *COVID19 Pandemic* at Vaccination Program.

Kagawaran ng Likas na Yaman at Kapaligiran (Department of Environment and Natural Resources o DENR). Kabilang sa mga gawain ng ahensiyang ito ang pagtiyak na napangangalagaan ang mga likas na yaman ng bansa. Halimbawang gawain nila ay ang pagbabawal sa pagpuputol ng punongkahoy, pagkakaingin at maling pangangasiwa sa likas na yaman.

Kagawaran ng Panlipunang Paglilingkod at Pagpapaunlad (Department of Social Welfare and Development o DSWD). Ang ahensiyang ito ang nangangasiwa at nagkakaloob ng iba't ibang serbisyong panlipunan lalo na sa mga kapuspalad na mamamayan. Halimbawa ay ang 4P's o Pantawid Pamilyang Pilipino Program.

Kagawaran ng Agrikultura (Department of Agriculture o DA). Ito ang nangangasiwa sa mga usapin at programa hinggil sa agrikultura ng bansa. Sila ay nagpapatupad ng programa upang pahiramin ng puhunan ang mga magsasaka at pagtuturo sa mga ito ng tamang paraan sa pagtatanim.

Kagawaran ng Paggawa at Empleyo (Department of Labor and Employment o DOLE). Tungkulin ng kagawarang ito na pangalagaan ang kapakanan ng mga manggagawa sa loob o labas man ng bansa. Gayundin ang pagpapatupad ng mga batas sa paggawa. Ang ahensyang ito ang nagpapatupad ng Kabuhayan Program at TUPAD (Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged/Displaced Workers.)



## *Pagyamanin*

Binasa mo ba at naunawaan ang aralin? May inihandang gawain para sa iyo. Handa ka na ba?




**GAWAIN 1:**

Ikabit ang mga pahayag sa Hanay A sa kaukulang gampanin o programa ng pamahalaan na makikita sa Hanay B. Isulat lamang ang titik ng tamang sagot. Gawin ito sa loob ng 2 minuto sa iyong sagutang papel.

**Hanay A**

1. Pagpapanatili ng kaayusan at katahimikan sa pamayanan.
2. Pagbibigay ng pangkabuhayan sa mga tao sa pamamagitan ng pagpapahiram ng puhunan.
3. Pagkakaloob ng pagkakataon magkaroon isang abogado upang maipagtanggol ang sarili kung nasasakdal
4. pagpapaunlad ng likas na yaman
5. Pagbibigay ng libreng edukasyon sa mag-aaral sa pampublikong paaralan.

**Hanay B**



**GAWAIN 2:**

**WORD BINGO**

Gabay ang mga pahayag sa bawat titik ng salitang B-I-N-G-O, bilugan sa BINGO CARD ang tinutukoy na kagawaran ng pamahalaan. Gawin ito sa loob ng 2 minuto sa iyong sagutang papel.

| B | I | N | G | O |
|---|---|---|---|---|
| DENR | DFA | DENR | DA | DFA |
| DepED | DPWH | DILG | DOH | DOT |
| DOLE | DND | FREE | DAR | DOF |
| DOF | DTI | DOT | DOTC | DBM |
| DOJ | DSWD | DOE | DBM | DA |

B – nagpapatupad ng programang pang-edukasyon sa bansa
I – nangangasiwa at nangangalaga sa seguridad ng bansa
N – nangangasiwa sa pangangalaga ng likas na yaman
G – nangangalaga sa kalusugan ng mamamayan sa bansa
O – nangangasiwa sa mga lupang pansakahan sa bansa


## *Isaisip*



Nagustuhan mo ba ang iyong mga ginawa sa bahaging Pagyamanin?

Ngayon naman ay maghanda sa susunod na gawain.

Buuin ang kaisipan na dapat iyong pakatandaan sa araling ito sa pamamagitan ng pagsasaayos sa mga pariralang nasa mga kahon. Isulat ang buong pangungusap at magbigay ng sariling saloobin tungkol dito. Gawin ito sa loob ng 5 minuto sa iyong sagutang papel.




______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________


______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

# *Isagawa*

Pagmasdan ang mga nasa larawan. Ano ang mga gampanin o serbisyo sa pamayanan ang ibinibigay ng pamahalaan batay sa larawan? Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel sa loob ng 4 minuto.




| |
|---|
| ______________________________________________ |
| ______________________________________________ |
| ______________________________________________ |
| ______________________________________________ |
| ______________________________________________ |
| ______________________________________________ |

## *Tayahin*

Basahin at unawain ang mga katanungan. Piliin at isulat ang tamang sagot sa sagutang papel. Gawin sa loob ng 3 minuto.

1. Ang pamahalaan ay nagbibigay ng libreng bakuna sa mga bata, *deworming* sa mag-aaral at libreng gamot para sa mga nangangailangan nito. Sa iyong palagay, anong uri ng serbisyo o gampanin ang naibibigay sa mga tao?

   A. Pang-ekonomiya
   B. Katarungang Panlipunan
   C. Kagalingang Palipunan
   D. Panseguridad

2. Nahinto sa pag-aaral ang iyong kuya. Natutuhan mo sa paaralan na may programa sa Edukasyon para sa mga nahinto ng pag-aaral. Ano ang iyong gagawin?

   A. Alamin sa guro kung kanino magtatanong dahil alam mong interesado ang iyong kuya.
   B. Hindi na sasabihin sa kuya tutal namamasukan na sya
   C. Hayaan na lamang ang iyong kuya dahil matanda na siya
   D. Hindi na lamang papansinin dahil magastos ito.

3. Ang mga sumusunod ay mga gampanin o gawain ng pamahalaan para sa mga tao. Alin dito ang gawaing o serbisyong pangkapayaan?

   A. Pagbibgay ng lupang pansakahan sa mga magsasaka.
   B. Pagbibigay ng mga puhunan sa mga tao.
   C. Pagbibigay ng tamang sahod at benipisyo ng mga manggagawa.
   D. Pagbabantay ng mga hukbong pandagat sa mga baybaying dagat ng bansa.

4. Si Mario ay inakusahang sa pagkakasalang pagnanakaw ng kanyang kabitbahay. Ano kaya ang maaaring gawin niya para maipagtanggol ang sarili?

   A. Tumakas at balikan ang nag-aakusa upang takutin na huwag na siyang kasuhan.
   B. Ipost sa social media para makahingi ng tulong sa mga tao.
   C. Humingi ng tulong sa Public Attorney's Office para mabigyan ng abogado na magtatanggol.
   D. Hayaan na lamang na makulong sa salang hindi naman ginawa.


5. Sa nagdaang bagyo tulad ng Rolly at Ulysses, maraming bahay at kabuhayan ang naapektuhan ng mga nito. Sa iyong palagay, paano makatutulong ang pamahalaan sa mga nasalanta ng kalamidad?

   A. Pagbibigay ng relief goods, gamot at pangkabuhayang maaring pagsimulan ng mga biktima ng kalamidad.
   B. Pagpapautang ng puhunan para sa maitayong muli ang kanilang bahay.
   C. Putulin ang mga natitirang puno upang ipamigay sa mga nasalanta ng bagyo.
   D. Hayaan na lamang ang mga nasalanta ng bagyo na magsumikap sa sariling paraan.

**#Pagtatapat-tapatin.** Basahin ang pahayag tungkol sa gampanin ng pamahalaan at itapat ito sa pangalan ng ahensya ng pamahalaan na nangangasiwa nito. Isulat lamang ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel sa loob ng 3 minuto.

| | |
|---|---|
| 6. Mga pulis na nagpapatrolya sa mga pamayanan para sa kaayusan at katahimikan. | A. Department of Agriculture (DA) |
| 7. Pagbibigay ng tamang sahod at benipisyo sa mga manggagawa. | B. Department of Labor and Employment (DOLE) |
| 8. Pagbibigay ng mga lupang sakahan sa mga magsasaka. | C. Department of Social Welfare and Development (DSWD) |
| 9. Sa panahon ng sakuna sila ang nagbibigay ng ayuda o mga relief goods at iba pang pangngailangan ng mga taong nasalanta ng kalamidad. | D. Department of Health (DOH) |
| 10. Nagbibigay ng libreng gamot at tumutugon sa mga isyung pangkalusugan tulad ng *COVID19 Pandemic.* | E. Department of National Defense |

## *Karagdagang Gawain*




Kumusta ang iyong nakuhang iskor sa Pagtataya? Nasiyahan ka ba sa iyong mga ginawa sa araling ito?

Narito ang inihandang gawain para mapaunlad pa ang iyong kaalaman tungkol sa aralin.

Magtanong sa inyong pamayanan kung anong mga programa o gawain ng lokal na pamahalaan ang ipinatutupad o naibibigay na serbisyo. Gamitin ang talahanayan sa ibaba sa pagsagot. Gawin ito sa loob ng 3 minuto at isulat sa sagutang papel.

| **Programa/Serbisyo** | **Halimbawa** |
|---|---|
| Pangkalusugan | |
| Edukasyon | |
| Pangkapayapaan | |
| Pang-ekonomiya | |
| Pang-hustisya | |

# Susi sa Pagwawasto

**SUBUKIN**

1. ☹
2. ☺
3. ☺
4. ☺
5. ☺
6. ☹
7. ☺
8. ☹
9. ☺
10. ☺

**BALIKAN**

1. X
2. X
3. X
4. √
5. X

## Pagyamanin

**GAWAIN 1**

1.PANSEGURIDAD

2.KAGALINGANG PANLIPUNAN

3.KATARUNGANG PANLIPUNAN

4.PANG-EKONOMIYA

5.KAGALINGANG PANLIPUNAN

**PAGYAMANIN**

**GAWAIN 2**

B – DepEd

I – DND

N – DENR

G – DOH

O – DA

**ISAISIP**

Ang pamalaan ay may mga gampanin upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mamamayan nito.

**ISAGAWA**

ANSWERS MAY VARY

**TAYAHIN**

1. B
2. A
3. D
4. C
5. A
6. E
7. B
8. A
9. C
10. A

**KARAGDAGANG GAWAIN**

ANSWERS MAY VARY

## *Sanggunian*


Adriano, Corazon V., Adriano, Marian A. Caampued, Charity A. Capunitan, Walter F. Galarosa, Noel P. Miranda, Emily R. Quintos Belen P. Dado, Ruth A. Gozun, Rodante S. Magsino, Maria Lucia L. Manalo, Jose B. Nabaza, Evelyn P. Naval, Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang, Unang Edisyon 2015 Kagamitan ng Mag-aaral, Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS), pp.164-170

Seal of the Department of Education of the Philippines, Department of Education, https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Seal_of_the_Department_of_Education_of_the_Philippines.png, **03:13, 31 March 2013**

Official Seal of the Department of Justice of the Philippines., Department of Justice, https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Department_of_Justice_(DOJ).svg, 1 April 2018

Official Seal of the Department of National Defense (Philippines)., Department of National Defense, https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Department_of_National_Defense_-_DND_(Philippines).svg, 24 October 2017

Seal of the Philippines' Department of Health (DOH), Department of Health, https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Department_of_Health_(DOH)_PHL.svg, 8 July 2018

Seal of the Department of Environment and Natural Resources, Department of Environment and Natural Resources, https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Seal_of_the_Department_of_Environment_and_Natural_Resources.svg, 28 January 2016

Official Seal of the Department of Social Welfare and Development (Philippines)., Department of Social Welfare and Development, https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Department_of_Social_Welfare_and_Development.png, 9 April 2014, 10:36:17

Seal of the Department of Labor and Employment (Philippines), Department of Labor and Employment, https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Department_of_Labor_and_Employment_(DOLE).svg, **16:08, 14 July 2018**

http://dlrciligan.weebly.com/uploads/5/0/8/0/50800379/27gawain_ng_pamahalaan_tugon_sa_pangangailangan_ng_mamamayan.pdf

http://lrmds.depedldn.com/DOWNLOAD/25BAKIT_MAHALAGA_ANG_PMAHALAAN.PDF

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph